249
9745

Republic of the Philippines
# Department of Education
REGION XI
SCHOOLS DIVISION OF DIGOS CITY

**OFFICE OF THE SCHOOLS DIVISION SUPERINTENDENT**

**Pansangay na Pagpapayo Blg. 119 s. 2022**
Hulyo 4, 2022

## PAANYAYA SA PATIMPALAK NG KOMISYON SA WIKANG FILIPINO SA PAGPILI NG ULIRANG GURO

**Para sa mga:** Tagamasid Pampurok
Mga Punong-guro

1. Alinsunod sa Paanyaya mula sa Pambansang Samahan sa Sikolohiyang Pilipino, ang mga guro na nagtuturo ng pananaliksik at interesadong kasapi ng Pambansang Samahan sa Sikolohiyang Pilipino (PSSP) at Psychological Association pang propesyonal na interesado sa katutubong pananaliksik ay inaaanyayahang dumalo sa isasagawa na Workshop sa Katutubong Pananaliksik sa Sikolohiya sa Agosto 2-5, 2022 (1:00 n.h – 5:30 n.h) sa pamamagitan ng Zoom.
2. Ang huling araw ng pagpapatala online ay hanggang 29 HUNYO 2022.
3. Ang mga detalye sa nasabing patimpalak ay makikita sa kalakip na dokumento.
4. Hiniling ang malawakang pagpapalaganap ng pahayag na ito sa mga kinauukulan.

**CRISTY C. EPE**
Tagapamanihalang Pansangay

DepEd Schools Division of Digos City
RECORDS SECTION
RELEASED 22-8745
DATE: JUL 05 2022 TIME: 10:18am
BY:

**Address:** Roxas Street cor. Lopez Jaena Street, Zone II, Digos City 8002
**Telephone No:**(082) 553-8396 | (082) 553-8376 | (082) 553-9170 | (082) 553-8375

DepED

DepEd Digos City <digos.city@deped.gov.ph>

# [PAANYAYA] Linangan 2022: Workshop sa Katutubong Pananaliksik sa Sikolohiya

1 message

L195

**PSSP** <pssponline@gmail.com>
To: secretariat@pssp.org.ph
Bcc: psspaktibidad@googlegroups.com

-pEd Schools Division of Digos City
RECORDS SECTION
RECEIVED 87236
28 JUN 2022 TIME: 4:33pm
BY:

Petsa: 2-5 Agosto 2022 (1:00 n.h.-5:30 n.h.)
via Zoom

Workshop Fee: Php 1,000.00 (Kasapi); Php 1,200.00 (Di-kasapi)
Magpatala sa: bit.ly/Linangan2022

Nakatuon ang Linangan sa pagtalakay sa mga batayang kaalaman sa teorya, metodo, at pananaw sa Sikolohiyang Pi katutubong pananaliksik. Sa pagtatapos ng workshop, inaasahan na ang mga kalahok ay may sapat na kahandaan, k maisagawa ang katutubong pananaliksik sa sikolohiya at kaugnay na disiplina.

Layunin ng workshop na:

- Ilahad ang konteksto at kalikasan ng katutubong pananaliksik sa sikolohiya;
- Linawin ang mga batayang prinsipyo sa pagdidisenyo at pagsasagawa ng katutubong pananaliksik sa Sikolohiya
- Talakayin ang mga katutubong metodo sa pagkalap ng datos: pagtatanung-tanong; pakikipagkuwentuhan; at gin
- Talakayin ang mga piling metodo sa pagsusuri ng datos: thematic analysis; KJ analysis; discourse analysis;
- Ibahagi ang ilang usapin sa pagsasagawa ng katutubong pananaliksik sa danas ng mga batikang mananaliksik s
- Ilahad ang mga plano at programa ng PSSP sa pagpapahusay ng pagsasagawa ng katutubong pananaliksik sa

Bukas ang Linangan para sa sumusunod:

- Mga gurong nagtuturo ng pananaliksik
- Interesadong mga kasapi ng Pambansang Samahan sa Sikolohiyang Pilipino (PSSP) at Psychological Associati pang propesyonal na interesado sa katutubong pananaliksik

PAGPAPATALA

Ang mga interesadong kalahok ay maaaring magpatala online hanggang 29 Hulyo 2022 ngunit maaaring isara ang re na ito kapag napuno na ang 150 slots.

Maaari po kayong maghulog ng inyong bayad sa aming bank account gamit ang inyong mobile banking app (sa pama mobile wallet (GCash, PayMaya, GrabPay, DiskarTech, atbp), o sa kahit saang branch ng Chinabank. Narito po ang d

China Banking Corporation (Chinabank)
Account Name: National Association for Sikolohiyang Pilipino Inc. (Alternatibong Account Name para sa Online Fund
Account Number: 114202018446 (Savings Account)
Branch: Corinthian Hills, Quezon City

Lahat ng tseke ay DAPAT nakapangalan sa "National Association for Sikolohiyang Pilipino Inc." HINDI tatanggapin an nakasulat.

MAHALAGANG PAALALA: Ang workshop fee ay NONREFUNDABLE ngunit TRANSFERRABLE.

Naka-attach ang liham paanyaya at programa.




--

**Tungo sa isang malaya at mapagpalayang sikolohiya.**

**Secretariat**
**Pambansang Samahan sa Sikolohiyang Pilipino**
***(National Association for Sikolohiyang Pilipino, Inc.)***
PRC CPD Accreditation Number: **2018-029**
NCCA CSO Accreditation Number: **2022-CSO029**
Adres ng Opisina: **4A Alcal Building 285 Katipunan Avenue, Loyola Heights, Lungsod Quezon**
Araw at Oras ng Opisina: **Lunes - Biyernes; 10:00 n.u. - 7:00 n.g.**
Telefax: **(02) 7255-7483** | Mobile: **(0922) 875-1440 / (0916) 211-4973**
E-mail: **pssponline@gmail.com / secretariat@pssp.org.ph**
Website: **http://www.pssp.org.ph/**
Facebook/Instagram/Twitter/YouTube: **pssponline**
Online Membership Form: **http://bit.ly/psspmembershipform**
Listahan ng mga Kasapi: **http://www.pssp.org.ph/pamunuan-at-kasapian/mga-kasapi/**

--
You received this message because you are subscribed to the Google Groups "PSSP Aktibidad" group.
To unsubscribe from this group and stop receiving emails from it, send an email to psspaktibidad+unsubscribe@googl
To view this discussion on the web visit https://groups.google.com/d/msgid/psspaktibidad/CANEJ4u3ChQ0bu8NX9KEI yZadMSx2QhZ7DGcV6hX%2BQ%40mail.gmail.com.
For more options, visit https://groups.google.com/d/optout.

**2 attachments**

**Paanyaya.pdf**
144K

**PAMBANSANG SAMAHAN SA SIKOLOHIYANG PILIPINO**
*(National Association for Sikolohiyang Pilipino, Inc.)*
4A Alcal Building 285 Katipunan Avenue, Loyola Heights, Quezon City
Telefax: (02) 434-7973 E-mail: sekretaryat@pssp.org.ph
Website: www.pssp.org.ph
PRC CPD Accreditation Number: 2018-029

**LUPON NG MGA KADIWA**
*(BOARD OF TRUSTEES)*
**2022-2023**

*Pangulo*
**Jayson D. Petras**
Unibersidad ng Pilipinas Diliman

*Pangalawang Pangulo*
**Miriam Aquino-Malabanan**
Lyceum of the Philippines University Batangas

*Kalihim*
**Danielle P. Ochoa**
Unibersidad ng Pilipinas Diliman

*Ingat-Yaman*
**Henmar C. Cardino**
Unibersidad ng Santo Tomas

*Mga Kasapi*

**Maryanne A. Abog**
Unibersidad ng Pilipinas Diliman/ Komisyon sa Karapatang Pantao

**Hadji A. Balajadia**
Pamantasang Ateneo de Davao

**Ricardo A. Clores**
Pamantasang De La Salle

**Roberto E. Javier, Jr.**
Pamantasang De La Salle

**Argel B. Masanda**
Central Luzon State University

**Eda Lou I. Ochangco**
Far Eastern University

**Alicia Q. Tablizo**
Our Lady of Fatima University-Antipolo

**Jay A. Yacat**
Unibersidad ng Pilipinas Diliman

*Ex-Officio*
**Jose Antonio R. Clemente**
Unibersidad ng Pilipinas Diliman

**Glenmark B. Villanueva**
Pangulo, TATSULOK

*Sekretaryat*
**Kenneth Carlo L. Rives**
**Maristela F. Talampas**

*Pangulong Tagapagtatag*
**Virgilio G. Enriquez (+)**
Ama ng Sikolohiyang Pilipino

28 Hunyo 2022

___________________________
___________________________
___________________________
___________________________

Mahal na ___________________:

Isang mapagpalayang pagbati!

Ang **Pambansang Samahan sa Sikolohiyang Pilipino (PSSP)** ay isang propesyonal na organisasyon ng mga indibidwal at grupong naninindigang magtaguyod ng isang makabuluhan at makahulugang sikolohiya at agham panlipunan sa Pilipinas.

Sa **2-5 Agosto 2022 (1:00 n.h.–5:30 n.h.)** ay isasagawa ng PSSP ang **Linangan 2022: Workshop sa Katutubong Pananaliksik sa Sikolohiya** sa pamamagitan ng Zoom.

Layunin ng workshop na: 1. Ilahad ang konteksto at kalikasan ng katutubong pananaliksik sa sikolohiya; 2. Linawin ang mga batayang prinsipyo sa pagdidisenyo at pagsasagawa ng katutubong pananaliksik sa Sikolohiyang Pilipino; 3.Talakayin ang mga katutubong metodo sa pagkalap ng datos: pagtatanung-tanong; pakikipagkuwentuhan; at ginabayang talakayan; 4.Talakayin ang mga piling metodo sa pagsusuri ng datos: thematic analysis; KJ analysis; discourse analysis; 5. Ibahagi ang ilang usapin sa pagsasagawa ng katutubong pananaliksik sa danas ng mga batikang mananaliksik sa Sikolohiyang Pilipino; at 6. Ilahad ang mga plano at programa ng PSSP sa pagpapahusay ng pagsasagawa ng katutubong pananaliksik sa Sikolohiyang Pilipino.

Kaugnay nito, nais namin kayong anyayahang dumalo o magpadala ng isa o higit pang kinatawan para sa maikling kursong ito. Ang bayad sa pagdalo sa workshop ay nagkakahalaga ng **P1,000.00 (kasapi)** at **P1,200.00 (di-kasapi)** bawat isang tao.

Maaaring magdeposito o mag-*online fund transfer* ng bayad sa aming **China Banking Corportation (Chinabank) Checking Account No. 242-020331-7 (Account Name: National Association for Sikolohiyang Pilipino, Inc.)**. Maaaring gamitin ang "NASPI" bilang alternatibong *account name* para sa *online fund transfer*. Lahat ng tseke ay DAPAT nakapangalan sa "National Association for Sikolohiyang Pilipino Inc." HINDI tatanggapin ng aming bangko ang tseke na "NASPI" lamang ang nakasulat.

Ang lahat ng dadalo ay kailangang magpatala sa *online form*: **bit.ly/Linangan2022**. Maaaring magpatala hanggang **29 Hulyo 2022** ngunit maaaring isara ang rehistrasyon bago dumating ang araw na ito kapag napuno na ang 150 *slots*.

Lubos na gumagalang,

**Prop. Jay A. Yacat**
*Unibersidad ng Pilipinas Diliman*
*Tagapagtaguyod*

**Dr. Jayson D. Petras**
Unibersidad ng Pilipinas Diliman
Pangulo, PSSP

*/kclr09*

**PAMBANSANG SAMAHAN SA SIKOLOHIYANG PILIPINO**
*(National Association for Sikolohiyang Pilipino, Inc.)*
4A Alcal Building 285 Katipunan Avenue, Loyola Heights, Quezon City
Telefax: (02) 7255-7483 | E-mail: pssponline@gmail.com
Website: www.pssp.org.ph
pssponline

## PROGRAMA
## Linangan 2022: Workshop sa Katutubong Pananaliksik sa Sikolohiya
## 2-5 Agosto 2022

**Unang Araw (2 Agosto)**

| | |
|---|---|
| 1:00 – 1:10 n.h. | **Pagbubukas, Pagpapakilala, at Kabuuang Oryentasyon sa Linangan** |
| 1:10 – 3:10 n.h. | **Ang Konteksto at Kalikasan ng Katutubong Pananaliksik sa Sikolohiya**<br>*Jay A. Yacat*<br><br>Layunin ng plenaryong sesyon na ilahad ang kasaysayan at konteksto ng pag-usbong at pag-unlad ng katutubong pananaliksik sa layon na idekolonisa ang pananaliksik at kaalaman sa sikolohiya. Ilalahad rin ang mga pangkalahatang katangian ng katutubong pananaliksik |
| 3:30 – 5:30 n.h. | **Mga Batayang Prinsipyo ng Katutubong Pananaliksik sa Sikolohiyang Pilipino**<br>*Jay A. Yacat*<br><br>Lilinawin sa plenaryong sesyong ito ang mga batayang prinsipyo sa pagsasagawa ng katutubong pananaliksik sa Sikolohiyang Pilipino: pagninilay sa ugnayan ng mananaliksik at kalahok; may paki sa kalahok; may pakinabang ang kalahok |

**Ikalawang Araw (3 Agosto)**

<table>
<tr><td rowspan="2">1:00 – 5:30 n.h.</td><td colspan="3">Mga Metodo ng Pagkalap ng Datos<br><br>Sa mga sabayang sesyon, mamimili ang mga kalahok ng isa sa tatlong katutubong metodo sa Sikolohiyang Pilipino. Inaasahan na matatalakay ang mga metodolohikal na aspekto ng mga tampok na metodo.</td></tr>
<tr><td>Pagtatanung-Tanong<br>Jay A. Yacat</td><td>Pakikipagkuwentuhan<br>Michelle G. Ong</td><td>Ginabayang Talakayan<br>Charmaine P. Galano</td></tr>
</table>

**Ikatlong Araw (4 Agosto)**

| | | | |
|---|---|---|---|
| 1:00 – 5:30 n.h. | **Mga Metodo ng Pagsusuri ng Datos**<br><br>Sa mga sabayang sesyon, mamimili ang mga kalahok ng isa sa tatlong metodo ng pagsusuri ng datos. Inaasahan na matatalakay ang mga metodolohikal na aspekto ng mga tampok na metodo. | | |
| | **Thematic Analysis**<br>*Michelle G. Ong* | **KJ Analysis**<br>*Jay A. Yacat* | **Discourse Analysis**<br>*Alwin C. Aguirre* |

**Ika-apat na Araw (5 Agosto)**

| | |
|---|---|
| 1:00 – 3:00 n.h. | **Mga Usapin sa Katutubong Pananaliksik**<br>*Jay A. Yacat at Charmaine P. Galano*<br><br>Isang panel discussion ng ilan sa mga mananaliksik tungkol sa kanilang karanasan sa paggamit ng mga katutubong metodo ng pananaliksik. |
| 3:20 – 5:20 n.h. | **Mga Tunguhin at Direksyon ng Katutubong Pananaliksik sa Sikolohiyang Pilipino**<br>*Jay A. Yacat*<br><br>Sa huling sesyon, babalangkasin ang mga trends sa paggamit ng katutubong pananaliksik sa sikolohiya sa Pilipinas at mga plano at programa ng PSSP sa pagpapalaganap ng paggamit nito sa Sikolohiyang Pilipino. |
| 5:20 – 5:30 n.h. | **Pagtatapos** |